


# Impormasyon sa support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19

Magbibigay ng support fund at leave allowance para sa mga empleyado ng maliliit at medium-sized na kompanya na hindi nakatanggap ng suporta sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19. Sakop din ang trabahong may maikling oras at kaunting araw o shift.

## Pagkalkula ng halaga ng benepisyo

Ang halaga ng benepisyo ay kinakalkula gamit ang sumusunod na pormula.



① halaga ng babayaran bawat araw (pinakamataas na ang ¥11,000)

② rekord ng bakasyon

• Kahit na mula 8 oras na pasok sa trabaho na pinaikli sa 3 oras, **o nabawasan ang oras ng pasok dahil sa maikling trabaho ng kompanya, kung mababa sa 4 na oras sa isang araw ang trabaho, kalahating araw na pasok** ang magiging kwenta nito.

• **Sakop din ang bahagi ng buwan**, tulad ng pagtatrabaho ng 5 hanggang 3 beses sa isang linggo.

(Ito ay naangkop matapos ibukod ang araw ng trabaho at iba pa sa rekord ng bakasyon.)

## Target ng pagbabayad

Depende sa aktwal na bilang ng araw na nagbakasyon, babayaran ang 80% ng sahod bago nag-leave (pinakamataas na ang ¥11,000 bawat araw) sa makakatugon sa mga sumusunod. **At walang babayaran ang may-ari ng negosyo.**

① Mga empleyado ng maliit at medium-sized na kompanya na **pinagbakasyon ng may-ari ng negosyo** mula Abril 1, 2020 hanggang sa susunod na buwan pagkatapos ng State of Emergency **dahilan sa Covid-19.**

② Sa mga hindi nakatanggap ng leave allowance (kyugyo teate)

**Kahit sa mga araw-araw na trabaho at shift system, at sa mga kasong pangkaraniwan na ang renewal, pagkatapos na kilalanin ng labor at management ang form ng pagkumpirma ng kinakailangan sa pagbabayad ng inaaplay na buwan na pinagbakasyon ng may-ari ang empleyado ng maliit at medium-sized na kompanya,** \*Naaangkop ito sa support fund at leave allowance.

※ Sa mga sumusunod na kaso, kahit na hindi makumpirma ang katotohanan ng pagbabakasyon, maaari pa rin itong maituring na target na bakasyon.

① Sa mga kasong nakumpirma ang notis sa **kondisyon ng pagtatrabaho tulad ng [xx beses sa isang linggo]** o sa **shift table para sa buwan na inaaplay.**

② Kung nakumpirma sa **pay slip na talagang pumasok ng mahigit sa 4 na araw sa isang buwan sa loob ng anim na buwan bago ang buwan ng bakasyon o kung naka-schedule na pumasok at ang naging dahilan ng pagbabakasyon ng may-ari ng negosyo ay dahil sa Covid-19.**

(Gayunpaman, hindi ito nalalapat kung may mga pangyayari na ang dahilan ay hindi sa Covid.)



## Paraan ng pag-apply

Maaaring mag-apply ng direkta ang empleyado sa online, o sa koreo ( maaari ring i-apply ng may-ari)

**[Kakailanganin]** (1) Form ng aplikasyon (2) Form sa pag-kumpirma ng mga kinakailangan sa pagbabayad (dapat gawin ng employer at empleyado※)

(3) ID (kopya ng driver's license, atbp.) (4) kung saan bank account ihuhulog(kopya ng atm card, atbp.)

(5) Mga dokumento na maaaring kumpirmahin ang halaga ng sahod bago at sa panahon ng bakasyon (kopya ng pay slip, atbp.)

※ Isulat sa form ng pag-kumpirma ng mga kinakailangan sa pagbabayad kapag hindi nakipagtulungan ang may-ari sa paggawa nito. Maaari na ang mismong empleyado lamang ang mag-apply.

○ Kung mag-aaplay sa online, i-access ang special site sa homepage ng MHLW na nasa ibaba.

○ Kapag sa pamamagitan ng koreo ang pag-apply, ipadala ito sa sumusunod na address.

〒600-8799 日本郵便株式会社 京都中央郵便局留置  
厚生労働省 新型コロナウイルス感染症対応休業支援金・給付金担当 行

## Target period at panahon ng aplikasyon

Panahon ng bakasyon	Panahon ng aplikasyon
Oktubre – Disyembre 2020	Marso 31, 2021 (Miyerkules)
Panahon mula Enero 2020 hanggang sa katapusan ng sumunod na buwan pagkatapos ng state of emergency ※hanggang sa katapusan ng Abril kung ipagpalagay na kasalukuyan ay state of emergency	Huling araw ng buwan sa tatlong buwan matapos ang huling araw ng target period ※kung ang target period ay hanggang katapusan ng Abril, sa buwan ito ng Hulyo

※ **Ang petsa ng simula ng aplikasyon ay sa unang araw ng buwan kasunod ng panahon ng bakasyon** (Hal : Kung ang bakasyon ay Enero, maaari nang mag-apply ng Pebrero 1)

※ Kahit na ang panahon ng bakasyon ay mula Abril 2020 hanggang Setyembre, tatanggapin pa rin ang aplikasyon sa mga sumusunod na kaso.

• Sa mga naaangkop ng inansuyo ang leaflet noong 10/30 (※)

→Kung mag- apply ka sa pamamagitan ng paglakip ng pahayag na ikaw ay naaangkop hanggang sa **March 31,2021 (Miyerkules)** , tatanggapin namin ito alintana kung kailan mo napagalaman ang tungkol sa sistemang ito.

• Sa mga nag-apply na at hindi pa napagpasyahan kung babayaran o hindi at sa mag-eexpire na ang susunod na aplikasyon

→Kung mag-apply ka sa loob ng isang buwan mula sa petsa kung kailan napagpasyahan ang pagbabayad (hindi pagbabayad), tatanggapin namin ito.

- (※)
- Sa mga nagtatrabaho sa tinatawag na shift system, pang araw-araw o sa naka-rehistro at dinidispach.
  - Sa kaso ng pagbabakasyon dahil sa mga pagbabago sa panlabas na kapaligiran sa pagpapatakbo ng negosyo, tulad ng dahil sa pagsasara ng shopping center.
  - Mga taong maliban sa nabanggit sa itaas na hindi tumutugma sa pagkilala ng araw ng bakasyon ng labor at management kahit na ang dahilan ng bakasyon ay hindi dahil sa empleyado at ang pagtatrabaho ay nakasaad ng malinaw sa notis ng kondisyon sa pagtatrabaho (halimbawa: xx sa isang linggo ang pasok)

## Makipag-ugnayan

### ■ Para sa mga katanungan kung paano mag-apply, makipag-ugnayan sa MHLW call center

MHLW Support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19

Tel: 0120-221-276 Lunes – Biernes 8 : 30 - 20 : 00 / Sabado, Linggo, Piyesta opisyal 8 : 30 - 17 : 15

Para sa Q&A ukol sa allowance, application form at iba pa, puntahan ang website ng Ministry ng Health, Labour at Welfare at tignan ang page ng "Support fund at leave allowance para sa sapilitang pagbabakasyon dahil sa Covid-19".

<https://www.mhlw.go.jp/stf/kyugyoshienkin.html>



### ■ Impormasyon sa General Labor Consultation Corner

Kung may problema sa trabaho na nauugnay sa aplikasyon, kumonsulta sa General Labor Consultation Corner.

Ito ay nasa mga Prefectural Labor Bureaus at Labor Standards Office sa buong bansa na maaari ring tumanggap ng konsultasyon ukol sa mga labor issues tulad ng pagtanggap sa trabaho, pag-suspende, reassignment, hindi pagbabayad ng leave allowance, bullying/panliligalig, power harassment at iba pa.

<https://www.mhlw.go.jp/general/seido/chihou/kaiketu/soudan.html>

